# Balitang Manmin

BILANG 91  SETYEMBRE 1, 2013

# Magkakasunod na Tanda at Himalang Hindi Magagawa ng Tao

## Retreat sa Tag-init ng Manmin – Ipinalabas sa GCN TV, Mula sa Dalawampu't Dalawang Bansa ang mga Dumalo




Kahit napakainit at umuulan sa ibang lugar, biniyayaan ng magandang panahon ang retreat sa tag-init ng Manmin sa taong ito. Nakasamang muli si Dr. Jaerock Lee (litrato 1). Inihayag ang orihinal na tinig, umapaw ang maraming tanda, himala, at makapangyarihang pagkilos sa mga seminar (litrato 4, 6) Palaro (litrato 5), papuri at pagsamba sa camp fire (litrato 2, 3)

Noong Agosto 5-8, 2013, idinaos ang Retreat sa Tag-init ng Manmin sa Deogyusan Resort, Muju, Jeonbuk na may temang 'Buong Espiritu' (Sa Mga Hebreo 10:22). Ito ay ipinalabas sa GCN TV (www.gcntv.org). Dumalo ang mga miyembro ng mga sangay na iglesya sa Korea sa Masan, Busan, Daejon, Gwangju, at Cheonan. At mga taga-ibang bansa kasama na ang Estados Unidos, Israel, Kenya, Estonia, Switzerland, at India.

Ang pinakaunang pagsamba na nagsimula ng ika-1:00 ng hapon ay pinangunahan ni Gng. Boknim Lee, pangulo ng Manmin Prayer Center. Sinabi niya sa mga miyembro na tanging sa tulong lang ng Espiritu tayo mapapabanal o may buong espiritu. At sinabi pa niya na mapupuspos tayo ng Espiritu sa pamamagitan ng maalab na pananalangin. Pagkatapos ng mensahe, nagkaroon ng papuri at pagsamba ang mga dumalo.

Ang retreat sa tag-init sa taong 2013 ang pinakaunang retreat na dinaluhan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee pagkatapos ng pitong taong hindi pagdalo. Ang huling retreat na dinaluhan niya ay noong 2006. Nagkaroon ng magkakasunod na mga tanda at himala na hindi magagawa ng kapangyarihan ng kahit na sinong tao. Kinagabihan, sa ganap na ika-7:30 ng gabi, nagdaos ng seminar si Dr. Lee. Nagsimulang umulan nang magsimula ang seminar, pero nagtiwala sa Diyos ang mga miyembro at pinagpatuloy ang pakikinig ng mensahe. Nanalangin si Dr. Lee, "Ulan, tumila ka na!" at humiling sa Diyos ng mabuting panahon. Agad nawala ang maitim na ulap, at lumabas ang mga nagniningning na mga bituin. Sinabi ni Dr. Lee, "Ang retreat na ito ay katulad ng kumperensya ng mga lider na idinaos noong Hulyo 2013. Oras na para suriin kung gaano na kayo kabanal; kung gaano na ang pagkikipagkaisa ninyo sa kalooban ng Diyos; kung gaano na kayo kabuti; at kung gaano katapat ang paglilingkod ninyo." Sinabi pa niya, "Gusto ng Diyos na alalahanin ninyo ang pagpapalang ibinigay Niya sa pamamagitan ng pastol at malaman nawa ninyo ang kalooban Niya na ipahayag ang kapangyarihan ng pastol. Gustong tanggapin ng Diyos ang mabangong samyo ng dalangin ng mga miyembro na naging bunga ng pastol." Nagpuri ang mga dumalo at nagsisi, idinalangin ni Dr. Lee ang mga may karamdaman.

Marami ang nakaranas ng pagpapagaling at nagpasalamat at nagpuri sa buhay na Diyos na kumikilos sa buhay nila. Nakakita ang mga bulag at mga malabo ang paningin, nakarinig ang mga bingi, at nakalakad ang mga lumpo. Hindi na nila kailangan ang silyang may gulong at saklay. Walang patid ang mga patotoo. Marami ang nagpatotoo tungkol sa paggaling ng kanser, sakit sa balat, sakit sa thyroid, at iba't ibang sakit sa katawan. Gumaling ang isang manonood ng GCN TV nang tanggapin niya ang panalangin ni Dr. Lee sa TV. Ikinuwento niya ito sa retreat, nagpatotoo siya.

Sa ikalawang araw, ika-9:00 ng umaga, ginanap ang 'field day' (palaro). May apat na grupo: una, pangalawa, pangatlong pinakamalalaking iglesya at ang grupo ng mga sangay ng iglesya. Nanalangin si Dr. Lee sa simula ng programa, "Takpan ang araw ng makakapal na ulap at magkaroon nawa ng mas malakas at preskong hangin! Maging maliwanag nawa." Dininig ng Diyos ang dalangin, naging napakaganda ng panahon.

Unang nilaro ang 'tug-of-war', at sinundan ng paligsahan sa pagpapagulong ng malalaking bola, takbuhan, volley ball, obstacle race, at karera sa pagtakbo, mini soccer, Korean wrestling, bunong braso, at relay race. Ang nanalo ay ang grupo mula sa sangay na mga iglesya. Nagpalakpakan at nagbunyi ang mga tao. Nanalo sa cheering ang grupo ng unang pinakamalaking iglesya. Tumanggap ng gantimpala bilang pinakmahusay na manlalaro si Kapatid na Joon Oh, miyembro ng Gumi Manmin Church at si Diakonesa Soohyang Cha, mula sa grupo ng pangalawang pinakamalaking iglesya. Sa ikatlong araw, ika-8:00 ng gabi, ginanap ang pagsamba at papuri sa may 'camp fire'. Ginawa ito sa espesyal na entablado sa Jumping Park. Naghandog ang lahat ng miyembro ng mabangong samyo ng papuri at nagkaisang puso. Nalugod ang Diyos dito. Masayang-masaya sila, parang nasa piging sila ng kalangitan. Nagalak sila sa pagdiriwang ng pag-ibig ng Diyos.

At bukod pa dito, nagkaroon din ng kanya-kanyang programa ang bawat misyon. Nagdaos ng mga espesyal na seminar para sa mga pastor, manggagawa, at mga miyembro mula sa ibang bansa sina Gng. Boknim Lee, Pastor Heejin Lee, Heesun Lee, at Soojeong Crystal Kim. Higit sa lahat, inihayag ang orihinal na tinig at ang lahat ng mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos ay naipahayag. Dahil dito, lumago at naging matibay ang pananampalataya, naging espirituwal, at napabanal ang mga miyembro.

# Ang Pag-ibig ng Diyos

"At ating nalaman at sinampalatayanan ang pag-ibig ng Diyos para sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig, at ang nananatili sa pag-ibig ay nananatili sa Diyos, at ang Diyos ay nananatili sa kanya" (1 Juan 4:16).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Sumasaya tayo kapag nakikita natin ang kagandahan ng kalikasan at lahat ng bagay na narito sa mundo. Nakakapagpaganda ito ng pakiramdam natin. Mas magiging masaya tayo kung matutularan natin ang kalooban ng Diyos! Sa Diyos nagmumula ang lahat ng kagandahan, kabutihan, at pag-ibig.

Ang pag-ibig ng Diyos ay kapayapaan na pumapawi sa mga pasakit, at ito ay liwanag at pag-asa na nagtataboy ng kadiliman. Ito ay pinagmumulan ng lakas ng loob ng mga nabibigo. Ito rin ay kagalakan na nagtataboy ng kalungkutan. Ito ay kaaliwan na nagpapahid ng mga luha at ang pinagmumulan ng lakas ng buhay na nagpapagaling ng mga napapagod na katawan at puso.

Ang napakagandang pag-ibig na ito ng Diyos ay para sa atin. Ito ang pinakamataas na antas ng pag-ibig.

### 1. Ang pag-ibig ng Diyos na nangangalaga sa sangkatauhan at gumagabay sa atin patungo sa pagiging tunay na mga anak Niya

Nilikha ng Diyos ang unang nilalang na si Adan at inilagay siya sa Halamanan ng Eden. Tumutubo doon ang lahat ng klase ng bulaklak at punungkahoy. Ang magagandang hayop ay tumatakbo at nabubuhay sa kagandahan ng kalikasan. Masagana ang mga prutas sa lahat ng sulok ng halamanan.

Binigyan din ng Diyos si Adan ng kagiliw-giliw na katuwang, si Eva. Hindi dahil nalungkot si Adan, kundi dahil batid ng Diyos, na mag-isang nabuhay sa loob ng mahabang panahon, ang magiging damdamin ni Adan. Dahil sa pag-ibig Niya dito, binigyan Niya ito ng katuwang.

Bilang pinakaunang nilalang, lumakad si Adan kasama ng Diyos at tinamasa ang malaking kapangyarihan bilang diyos ng lahat ng nilikha sa napakagandang kapaligiran sa loob ng hindi mabilang na taon. Pero may kulang sa buhay niya bilang isang tunay na anak ng Diyos, hindi niya lubos na nadama ang pag-ibig nito kahit ibinigay ito sa kanya ng ganap ang sukat.

Nasiyahan si Adan sa lahat ng bagay na ibinigay sa kanya ng Diyos, pero hindi niya pinahalagahan o pinasalamatan ito dahil hindi niya pinaghirapan o pinagtrabahuhan ang mga ito. At, hindi niya naunawaan ang kahulugan ng kalungkutan o kamatayan dahil hindi pa niya naranasan ito. Hindi din niya naranasang magalit sa kahit na sinong tao, kaya hindi niya batid ang tunay na halaga ng pag-ibig. Sa madaling salita, wala siyang karanasan sa mga bagay na hindi nakikita o wala sa halamanan.

Ito rin ang dahilan kung bakit natukso si Adan at Eva ng ahas, kaya kumain sila ng bunga mula sa punungkahoy ng pagkilala ng mabuti at masama. Sinabi sa kanila ng Diyos, "Sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka" (Genesis 2:17). Pero hindi nila batid kung ano ang tunay na kahulugan ng 'mamatay'. Ang ibig sabihin ba nito hindi batid ng Diyos na kakain sila ng bunga ng punungkahoy ng pagkilala ng mabuti at masama? Hindi! Batid na Niya kung ano ang mangyayari. Pero malaya ang kalooban ni Adan at Eva, malaya silang pumili ng gusto nila. Dito nakatago ang kalooban ng Diyos para sa pangangalaga ng sangkatauhan.

Bahagi ng 'pangangalaga ng sangkatauhan' ang pagdanas natin ng pag-iyak, lungkot, sakit, at kamatayan para maramdaman natin kung gaano kahalaga ang mga bagay na magpapasaya sa atin sa Langit. Isang paraan ito para magkaroon tayo ng tunay na kaligayahan doon. Sa pamamagitan nito gustong ibahagi sa atin ng Diyos ang pag-ibig Niya sa atin magpakailanman sa napakagandang Langit. Ni hindi maikukumpara dito ang Halamanan ng Eden.

Dahil may malayang kalooban, pinili ni Adan at Eva na sumuway sa Diyos kaya pinalayas sila mula sa Halamanan ng Eden. Nawalan na si Adan ng kapangyarihang mamuno sa lahat ng bagay, isinumpa din ang mga hayop at halaman na pinamumunuan niya. May mga tumubong tinik sa mundo na dati ay masagana at maganda. Dapat na ring magtrabaho ng tao, kung hindi siya kikilos, wala siyang kakainin.

Kahit sumuway sina Adan at Eva, iginawa sila ng Diyos ng mga kasuotang gawa sa balat ng hayop. Ginawa Niya ito para protektahan ang mga katawan nila dahil maninirahan sila sa lugar na ibang-iba sa Halamanan ng Eden, pagkatapos, pinalabas Niya ang mga ito papunta sa mundo (Genesis 3:21). Marahil, parang magulang ang pakiramdam ng Diyos na naghahatid sa anak Niya papunta sa isang malayong lugar para magkaroon ng mas magandang kinabukasan. Pero dahil hindi katulad ng puso ng Diyos ang puso nila sa simula pa lang ng pangangalaga ng sangkatauhan, mas nabahiran ng kasalanan at mabilis na lumayo sa Diyos ang mga tao (Mga Taga-Roma 1:21-23).

### 2. Inihanda ng Diyos si Jesu-Cristo bago pa magsimula ang panahon

Mababasa sa 1 Kay Timoteo, "[Ang Diyos] na nagnanais na ang lahat ng tao ay maligtas at makarating sa pagkakilala ng katotohanan." Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi lang sa iilang tao ibinibigay sa isang partikular na bahagi ng panahon. Gusto ng Diyos na ang lahat ng tao ay maligtas. Binuksan Niya ang pintuan patungo sa kaligtasan at lubos Siyang nagagalak sa tuwing bumabalik sa Kanya ang kahit isang kaluluwa. Mainit ang pagtanggap Niya sa kanila.

Dahil sa pag-ibig ng Diyos na hindi sumusuko para sa atin hanggang sa huli, nabuksan ang daan patungo sa kaligtasan para sa lahat. Ang daang ito ay si Jesu-Cristo na Siyang bugtong na Anak ng Diyos. Sa pamamagitan ng mahalagang dugo at buhay Niya, binayaran Niya ang halaga ng kasalanan na dapat pagbayaran ng mga makasalanan. Siya ang nagbayad para sa kanila.

Sinasabi sa Mga Hebreo 9:22, "...kung walang pagdanak ng dugo ay walang kapatawaran ng kasalanan", Pinayagan ng Diyos na dumanak ang mahalagang dugo ni Jesus para tubusin ang sangkatauhan mula sa lahat ng kasalanan. ipinako si Jesus sa krus, pero napagtagumpayan Niya ang kamatayan. Nabuhay Siyang muli sa ikatlong araw dahil wala Siyang kasalanan. Dahil dito, nabuksan ang daan patungo sa kaligtasan.

Sinasabi ng karamihan sa mga magulang na ang anak nila ang paborito nila kapag nilalambing nila ang mga ito. Para sa kanila, mas mahalaga ang mga ito kaysa buhay nila. Ibig sabihin, pinakasukdulang pagmamahal ang ginawa ng Diyos sa pagsasakripisyo ng Tanging Anak Niya para sa atin. At inihahanda Niya ang magandang Langit para sa mga kaluluwa na nabawi sa pamamagitan ng mahalagang dugo ng Panginoon. Kamangha-mangha ang pag-ibig Niya!

### 3. Ang pag-ibig ng Diyos na nagbibigay ng Espiritu bilang handog na gumagabay sa atin patungo sa Langit

Hindi nagtatapos ang pag-ibig ng Diyos dito. Ibinibigay Niya ang Espiritu sa kahit na sinong tumatanggap kay Jesu-Cristo at napatawad sa mga kasalanan. Ang Banal na Espiritu ang puso ng Diyos. Pagkatapos maipako ni Jesus sa krus, muli Siyang nabuhay at umakyat sa Langit, ipinadala ng Diyos ang Espiritu sa mga puso natin.

Namamagitan para sa atin ang Espiritu na may pagdaing na hindi maipapaliwanag at inuudyukan tayong manumbalik kapag nagkakasala tayo. Binibigyan Niya ng matatag na pananampalataya ang may mahinang pananampalataya, at nagbibigay Siya ng pag-asa para sa Langit sa mga nawawalan ng pag-asa. Tulad ng isang inang maingat na nag-aalaga sa anak niya, ipinapadinig ng Banal na Espiritu ang tinig Niya sa tamang oras para hindi tayo magkasala at masaktan. Itinuturo Niya sa atin ang kalooban ng Diyos na nagmamahal ng lubos sa atin at nagdadala sa atin patungo sa Langit.

Kung batid ninyo ang malalim na pag-ibig na ito sa puso ninyo, mamahalin ninyo ang Diyos. Kung mahal natin ang Diyos sa kaibuturan ng puso natin, ibibigay sa atin ng Diyos ang pag-ibig Niya na napakadakila, hindi makakayang ipaliwanag. Bibiyayaan Niya tayo ng mabuting kalusugan, maayos na buhay, at kasaganahan. Siyempre, ito ang batas na espirituwal, gusto ng Diyos na madama natin ang pag-ibig Niya sa pamamagitan ng mga biyaya at kasagutan.

Nang makilala ninyo ang Diyos sa unang pagkakataon at nagkaroon kayo ng kasagutan sa mga problema ninyo, nagpasalamat kayo sa pagmamahal na nagpatawad sa inyo na mga makasalanan. Inisip din ninyo, 'Papaano ko babayaran ang pagpapala ng Diyos?' Marahil, namamangha kayo sa pag-ibig ng Diyos na nagbibigay sa inyo ng walang hanggang Langit kung saan walang pagaalala, walang kabalisahan, walang sakit, walang karamdaman, at walang kamatayan. Tayo'y umiibig sapagkat Siya ang unang umibig sa atin (1 Juan 4:19).

Iniibig Niya tayo hindi dahil karapat-dapat tayong ibigin. Dahil sa pagmamahal ng Diyos, ibinigay Niya ang bugtong na Anak Niya para sa atin na itinakdang mamatay bilang mga makasalanan. Iniibig Niya ang lahat ng tao, inaalagaan Niya ang mga ito nang higit pa sa ina na hindi malilimutan ang anak na pinapasuso (Isaias 49:15). Hinihintay Niya tayo na parang isang araw lang ang isang libong taon.

Mahal kong mga kapatid, ang pag-ibig ng Diyos ay tunay. Hindi ito nagbabago kahit lumipas ang panahon. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na mabibiyayaan kayo at mapupuno ng pasasalamat habang nadarama ninyo ang pag-ibig ng Diyos na naghihintay na dumating ang araw na tatamasahin ang magandang Langit at luwalhati kasama Niya.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Karunungan ng Buhay
# Pagsiyasat sa Sarili




May dalawang baso, A at B, sa biglang tingin, parehong malinis na tubig ang laman. Pero may buhangin at maliliit na bato sa ilalim ang basong A (tingnan ang litrato sa kaliwa) habang walang dumi sa ilalim ng basong B. Kapag hinalo ng kutsara ang tubig sa dalawang baso, magiging marumi ang nasa basong A, at nananatilling malinis ang nasa basong B (tingnan ang litrato sa kanan). Makikita natin dito na pwede rin tayong maging malinis, dalisay, at mabuti kahit na ano pa ang situwasyon kung iwawaksi natin ang mga kasamaan sa puso natin.

"Kaya't kayo nga'y maging sakdal, gaya ng inyong Ama sa langit na sakdal" (Mateo 5:48).
"Sa halip, yamang banal ang sa inyo'y tumawag,
maging banal naman kayo sa lahat ng paraan ng pamumuhay" (1 Pedro 1:15-16).
Gusto ng mapagmahal nating Diyos Ama na maging perpekto at banal ang mga anak Niya. Anong dapat nating gawin bilang matatalinong mananampalataya? Pagsikapan nating mabuti na kilalanin ang sarili ayon sa Salita ng Diyos; labanan natin ang mga kasalanang makikita natin hanggang sa dumanak ang dugo; at iwaksi natin ang bawat uri ng kasamaan. Siyasatin natin ang ating sarili sa pamamagitan ng mga batayang ito:

### 1 Sumusunod ba kayo nang mapayapa sa mga kagustuhan ng ibang tao?

May mga taong nangangatuwiran o nagdadahilan kapag nagagalit. May mga nagsasalita kahit masama ang loob. Paano kung hindi na tayo galit? Ano ang pwede nating sabihin at gawin para maipakita ito? Hindi dapat tayo magsalita at gumawa ng mga bagay na ayaw ng Diyos. Unawain at sundin natin ang kagustuhan ng ibang tao. Makipagkasundo at makibagay tayo sa kanila kung para sa ikakabuti ng lahat ito kahit ang mga ideya nila o ginagawa ay hindi katulad ng sa atin o kahit pa kawalan natin ito.

### 2 Kasundo ba ninyo ang lahat at hindi ba nagbabago ang katapatan ninyo sa pagtatrabaho?

Kung hindi palagay ang kalooban ninyo sa mga katrabaho ninyo, at nakikita ninyo ang mga pagkukulang nila, ibig sabihin, may galit kayo sa kanila. Gayon pa man, kapag naiwaksi na ninyo ang mga sama ng loob, magkakaroon kayo ng kapayapaan sa lahat ng tao at makikita ninyo ang mga mabubuting katangian nila. At pagkatapos ninyong iwaksi ang galit na nasa puso ninyo, maaari na kayong magsaya, magalak, at maglingkod ng tapat at walang pagbabago kahit hindi napapansin ang mga ginagawa ninyo.

### 3 Masaya ba kayo kapag pinupuri ang ibang tao, magagawa ba ninyong purihin ang iba?

Kung hindi ninyo mahal ang ibang tao, ibig sabihin, mayroon pa kayong galit. Ang pagmamahal ay pruwebang nakikita sa mga nagwaksi ng galit. Masaya sila at hindi naiinggit at nagseselos kapag pinupuri ang ibang tao. Ang selos ay nagmumula sa galit. Malalaman natin kung naiwaksi na natin ang galit kung masaya tayo kung pinupuri at pinapahalagahan ang ibang tao.

### 4 Palagi ba kayong nagsasabi ng totoo?

Kung nagsisinungaling kayo, kahit hindi ninyo sinasadya, nangangahulugan itong sinungaling pa rin ang puso ninyo. Ipagpalagay nating sinabi ninyo sa isang tao noong nakaraang linggo, "Masayang-masaya ako sa pag-aaral ko ng Salita ng Diyos, palalakasin ko ang sarili ko sa pamamagitan nito." Pero hindi naman ninyo ginagawa ito. Dapat ninyong sabihin sa kanila ang totoo. Kaya siyasatin natin ang sarili natin. Kapag sinabi natin, gawin natin.

### 5 Nakikita ba ninyo ang magagandang katangian ng ibang tao?

Kadalasan, ang paghusga ay may kasamang paninirang puri, pagsukat sa kakayahan, pagkukumpara, at paghatol. Para siyasatin kung mapanghusga tayo, tingnan natin kung sinisikap nating makita ang magandang katangian at kung kaya nating purihin ang ibang tao. Siyempre, mayroon ding ilan sa inyo na hindi nakatingin sa pagkukulang ng iba, at hindi din nila sinisiraan ang mga ito. Pero kung palaging ang mga pagkukulang ng iba ang nakikita ninyo, ibig sabihin, may ugaling mapanghusga pa rin kayo. Hindi mapanghusga ang mga taong nakakakita ng mabubuting katangian ng ibang tao at pinapapurihan sila.

### 6 Palagi ba kayong tumutupad sa pangako kahit maliliit na bagay lang ito?

Ang isang taong pabagubago ang isip ay hindi tumutupad ng mga ipinangako niya sa iba at mabilis ding magpalit ng mga plano. Pabagubago din sila kahit sa mga pangako nila sa Diyos. Mababago natin ang ugaling ganito kung magsisikap tayong tuparin ang mga ipinangako natin mula sa maliliit na bagay hanggang sa pinakamahalaga. Higit sa lahat, huwag tayong mangako at magdesisyon nang pabigla-bigla sa harapan ng Diyos. Maiiwaksi natin ang ugaling ito kung mag-iingat tayo sa pagdedesisyon tungkol sa mga ipapangako natin sa Diyos at sa ibang tao. Tutuparin natin ang mga ito kahit makakasama o magiging kawalan sa atin ito.

### 7 Gaano ba kalaki ang lugar ng pag-ibig ng Diyos sa puso at isipan ninyo?

Sinasabi ng Diyos na kung sino man ang tumingin sa isang babae na may pagnanasa ay nangalunya na sa puso niya. Nakasulat ito sa Mateo 5:27-28. Dapat nating tanggalin ang pangangalunya sa puso at saloobin natin gayon din sa mga gawa. Kung titingin kayo sa babae o sa lalake na maganda o gwapo, kung naiinggit kayo sa mga mag-asawa o magsing-irog, siyasatin ninyo kung nangangalunya kayo. Dapat ninyong punuin ang puso ninyo ng pag-ibig ng Panginoon.

### 8 Nalulugod at masaya ba kayo kung nagbibigay kayo sa ibang tao?

Ang mga pagnanasa ay nagsisimula ng pagkakasala. Kung walang pagnanasa at kasibaan, hindi kayo magseselos sa mga bagay na mayroon ang ibang tao at walang kasalanang 'ipapanganak'. Ito ay dahil wala tayong hangaring makamit o matamasa ang mas higit pa. Kung hindi kayo masiba, masaya na kayo kahit ano pa ang situwasyon ninyo at masisiyahan kayo sa pagbibigay sa ibang tao. Magiging masaya kayo at magpapasalamat kahit hindi pa ninyo natatanggap ang ipinapanalangin ninyo sa Diyos.

### 9 Hindi ba ninyo kinakalimutan at binabayaran ba ninyo ang tinanggap na pagpapala?

Kung pabagu-bago kayo ng isipan at gawain para sa sarili ninyong pakinabang, katusuhan ito. Nagpapakita ito ng pagiging taksil ninyo. Anong dapat nating gawin para hindi makalimutan ang pagpapalang ibinigay sa atin ng Diyos at manatili sa pagbabayad nito? Siyasatin natin kung gusto nating makuha ang sariling pakinabang o kung mayabang tayo. Alalahanin natin ang mga taong nagbibigay sa atin ng mga pagpapala sa bawat sandali.

# Umaapaw ang mga Biyaya sa Pamilya Ko na Naging Mapayapa Dahil sa Pagpapala ng Panginoon

Diakono Gwangdong Kim
(2-19 Parish, South Korea)



Noong 1994, nagsimula akong magtrabaho sa ika-7 antas ng serbisyong bayan sa Chuncheon, probinsya Gangwon. Dahil dito, namuhay akong malayo sa pamilya ko na naninirahan sa Hampyeong, Jeonnam. Pwede akong umuwi isang beses sa isang linggo o kaya isang beses bawat ikalawang linggo. Ang asawa kong si Diakonesa Junghee Yang ay nagtatrabaho bilang guro sa Hampyeong.

Nagsimulang magsimba sa Muan Manmin Church ang asawa ko noong Setyembre 1998. Nabalitaan ko ang insidente tungkol sa balak ng kumpanya ng pagbobrodkast noong Mayo 1999 at inusig ko ang asawa ko dahil dito. Nang lumipat ang opisina ko sa Gangdong-gu sa Seoul noong Hunyo 1999, wala ng nakapigil sa paglalasing at pagsisigarilyo ko.

Naligaw ako ng landas hanggang taong 2006, binisita ako ng asawa ko. Humingi siya ng tawad sa akin dahil hindi daw niya ako pinaglingkuran nang mabuti. Nagulat ako, ako ang nagkamali, bakit siya pa ang humingi ng tawad?

Inisip kong dahil ito sa kapangyarihan ng pananampalataya kaya humanga ako sa taong nagturo sa kanya na magbago sa ganitong paraan. Gusto ko ring turuan niya ako at magkaroon ng buhay Cristiano ayon sa mga itinuturo niya. Hindi nagtagal, nagrehistro ako sa Manmin Church noong Pebrero 26, 2006.

Namangha ako sa mga maaliwalas at masasayang mukha ng mga miyembro sa pagsamba. Hinaplos ang puso ko ng mga mensahe ni Dr. Lee. Tinuruan niya sila kung ano ang mga kasalanan at kung paano isusulong ang maayos na buhay Cristiano na may kabutihan at pag-ibig. Higit sa lahat, binigyan ako ng pagpapala na pagsisihan ang pag-usig ko sa asawa ko nang hindi naman batid ang totoong nangyari. Kaya lang, may katamaran pa rin ako sa pagsamba. Pagsamba lang sa Linggo ng umaga ang dinaluhan ko. Idinahilan ko na napapagod akong magbiyahe papunta sa Hampyeong tuwing Linggo.

Gayon pa man, may isang pangyayaring nagpabago sa akin noong Hunyo 2009. Natutulog ako sa bahay pagkatapos maghandog ng pagsamba sa araw ng Linggo sa Manmin Central Church. Napanaginipan kong nangangaral si Dr. Lee na nakasuot ng banal na balabal, lumapit siya sa akin na nakangiti. Ang mga kamay niya ay nagniningning at malambot, ipinatong niya ang mga ito sa tuhod ko at tumitig siya sa akin. Nabigla ako, at nagising, napakalinaw ng panaginip ko.

Pagkatapos ng pangyayaring iyon, pinanatili kong banal ang buong Sabbath, at ibinigay ko ang buong ikapu. Biniyayaan ako ng Diyos ng paggaling at tumanggap ako ng mga biyaya. Gumaling ang sakit ko sa tainga, high school pa lang ako, sakit ko na iyon. Ginawaran ako ng *Parangal para sa Kahusayan sa Paglilingkod sa Lipunan* mula sa alkalde ng Seoul. Dahil ito sa ginawang pagsusuri ng opisinang pinaglilingkuran ko sa mga pagkaing ligtas para sa mga bata sa Songpa-gu.

Isinama ako sa grupo ng mga namamahala sa pagtupad sa Kagawaran ng Pagpaplano at Badyet noong Enero 1, 2012. Ni hindi ko inakalang mangyayari ito. Ginawaran din ng pinakamataas na parangal ang distrito kong Songpa-gu sa ika-8 Balanced Score Card Award Ceremony na pinangasiwaan ng Korea Economic Daily at Wesley Quest. Mayroon din akong natanggap na pagkilala, kaya nagkaroon ako ng pagkakataong mag-aral tungkol sa pagpaplano sa Europa.

Nananalangin ako gabi-gabi sa pulong panalanging Daniel magmula noong magsimula ang 2013. Nabiyayaan din akong mapili bilang kapuri-puring lingkod ng publiko sa taong kasalukuyan. Pinarangalan ako ng Prime Minister. Lahat ng pasasalamat at luwalhati ay sa Diyos na niloob na makita ko ang mabuting kalooban Niya at gumagabay sa akin sa buhay na nasa liwanag.

# "Ang ebanghelyo ng kabanalan ang nagbigay ng direksyon sa buhay ko"

Diakonesa Cherendorsy Dawasuren
(Mongolia Manmin Church)



Bago matapos ang Hunyo 2012, sinamahan ako ng kaibigan kong si Diakono Amaraa sa pagsamba sa Linggo ng umaga ng Mongolia Manmin Church. Napaiyak ako nang husto habang nakikinig ng mensahe ni Dr. Lee sa GCN TV (www.gcntv.org). Bago nangyari ito, uhaw na uhaw ako sa Salita ng Diyos.

Gustung-gustong kong malaman ang tungkol sa mga 'kasalanan na patungo sa kamatayan' na nakasulat sa Biblia, pero walang makapagbigay sa akin ng kasiya-siyang sagot. Subalit ang Punong Pastor Dr. Lee ay nangangaral tungkol sa kasalanan! Binigyang halaga niya ang banal na pamumuhay. Dahil sa mensahe niya nadama ko ang dakilang pag-ibig ng Diyos kaya nagalak ang puso ko.

Sa totoo lang, masakit pa rin sa akin ang pagkamatay ng asawa ko noong Hulyo 22, 2012, pero naniwala ako sa Diyos na mabuti. Inisip ko, panahon ito para ipakita ko ang pananampalataya ko sa Kanya, kaya hindi ako nawalan ng loob. Mas lalo akong umasa sa Diyos, at nagsikap manalangin.

Ang panganay kong anak na lalaki ay anim na taon na, at buntis na naman ako. Hirap kami sa pera. Pero ang Diyos ng pag-ibig, ay Siyang gumagawa ng lahat ng bagay para sa ikabubuti ng lahat para hindi kami mahirapan. Sa tamang panahon, tinupad ng Diyos ang napakatagal kong minimithi na luwalhatiin Siya bilang isang doktor.

Biniyayaan ako ng Diyos na makapagbukas ng 'health center' noong Agosto 7, 2012. Ayon sa mga pasyente ko, espesyal ang klinika ko. Marahil, nadarama nila ang pagpapala ng Diyos doon. Ipinapangaral ko palagi ang ebanghelyo ng kabanalan sa mga pasyente ko at ginagamot ko sila ng Muan Sweet Water. Ang tubig na ito ay maalat pero naging maaaring inumin dahil sa panalangin ni Dr. Lee at sa makapangyarihang panyo (Basahin: Exodus 15:25, Ang Mga Gawa 19:11-12). Ibinigay ang pagpapala ng Diyos sa mga pasyente at mabilis na gumaling ang mga karamdaman nila.

Ipinanganak ko ang isang malusog na sanggol na may bigat ng 7.27 libra noong Pebrero 19, 2013. Nasa mababang paaralan na ang panganay kong lalaki at lumalaki siyang nakakakilala sa Panginoon. Ang lahat ng pasasalamat ay sa Diyos na nagbigay ng biyaya sa akin na makilala ang tunay pastol at ipangaral ang ebanghelyo ng kabanalan.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714